
BUOD NG RESULTA NG PAGTATASA

*Mga pamumuhunan ng IFC sa Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC)
Pilipinas*

Ang Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC o “ang kliyente”) ay isang malaking universal bank sa Pilipinas, na nagbibigay ng iba’t-ibang uri ng pagbabangko at iba pang produkto at serbisyong pampinansyal, kasama na ang commercial at retail banking, credit card, asset management, at treasury at investment. Nagsagawa ang IFC ng ilang pamumuhunan (investment) upang suportahan ang RCBC. Noong Marso 2011, isinagawa ng IFC ang kauna-unahang equity investment sa RCBC. Noong Marso, 2013, nagbigay ang IFC ng ng pautang na puhunan upang makapagtalaga ng isang sasakyan para sa isang tutok na dahilan , na kunin at ipagawa ang mga “non-performing assets” ng RCBC. Noong Abril 2013, namuhunan ang Asset Management Company ng IFC sa kliyente. Noong Nobyembre 2014, nagbigay ang IFC sa kliyente ng pautang upang suportahan ang paglago ng programa nito para sa maliliit at katamtaman ang laking mga negosyo (small ang medium enterpresis o SME). Noong Nobyembre 2015, nakilahok ang IFC sa isang bond issue ng RCBC sa pamamagitan ng pamumuhunan sa halagang US\$75Milyon.

Noong Oktubre 2017, isang pambansang NGO, ang Philippine Movement for Climate Change (PMCJ) ay nagsumite ng isang reklamo sa CAO para sa kapakanan ng ilang mga komunidad na naninirahan malapit sa 19 aktibo o iminumungkahi pa lamang na planta ng coal (coal-fired power plants) na matatagpuan sa iba’t-ibang parte ng Pilipinas, at para na rin sa kanilang sarili bilang isang alyansa ng mga organisasyon ng mga nagmamalasalakit na mamamayan ng Pilipinas na nakikibaka laban sa pagbabago ng klima (climate change). Dalawa ring pandaigdigang NGO, ang Inclusive Development International, at ang Bank Information Center Europe (BIC Europe), ang sumuporta sa reklamo.

Ang reklamo ay nagsasabing nagbigay ang RCBC ng suportang pinansyal sa 19 na mga planta, at naghahayag ng mga alalahanin hinggil sa pagtatayo at pagpapatakbo ng mga planta, sa aspeto ng lokal na pampamayanan at pangkapaligirang mga usapin, katulad ng epekto sa samu’t-saring buhay (*biodiversity*), masamang epekto sa kalusugan ng polusyon sa hangin, hindi sapat na kompensasyon para sa paglilikas ng mga mamamayan, pagkawala ng mga kabuhayan, at paglabag sa mga karapatan ng mga katutubo. Bukod doon, ang reklamo ay naghahayag din ng mga usapin hinggil sa mga epekto ng *climate change* sa Pilipinas at sa mga residente nito, kabilang ang mga pumirma sa reklamo, at idinidiin ang mga plantang pinondohan ng RCBC bilang nagiging kusa ng climate change. Bukod dito, ang reklamo ay naghahayag din ng mga usapin hinggil sa kung paano pinapamahalaan ng RCBC ang mga panganib na pangkapaligiran at pampamayanan, ang kawalan ng pagsangguni o konsultasyon at impormasyon hinggil sa mga proyekto at mga epekto nito, at kawalan ng mga mekanismo o pagkakataong makapaghain ng mga reklamo (*grievance mechanisms*) para sa mga apektadong komunidad. Panghuli, naghahain ang mga reklamo ng mga isyu tungkol sa IFC, na nagsasabing hindi ito naging bukas (lack of transparency) hinggil sa kanyang financial intermediary portfolio, at hinggil sa pagmomonitor at pangangasiwa sa pangkapaligiran at panglipunang pagkilos ng RCBC.

Natiyak ng CAO na ang reklamo ay “*eligible*” patungkol sa suporta ng RCBC sa 11 planta. Mula Nobyembre 2017 hanggang Abril 2019, nagsagawa ng isang pagtatasa (*assessment*) sa reklamo

upang higit na maunawaan ang mga isyung nabanggit, ang sagot ng kliyente, at kung mayroong interes sa pagitan ng mga partido para sa isang pakikipagusap. Wala sa mga grupong nagreklamo ang nakarating sa pagsang ayon na pumasok sa isang proseso ng pakikipagusap sa mga may-ari ng mga planta sa kani-kanilang mga lugar. Samakatwid, sangayon sa Operational Guidelines ng CAO, ang reklamo ay ipinasa na sa compliance function ng CAO.

Ang Sustainability Policy ng IFC ay naglalalag ng mga E&S commitment nito at ang kanyang lapit sa pagpapatatag ng mga commitment na ito sa pamamagitan ng mga pamumuhunan nito sa mga bangko at iba pang financial intermediaries (Fis). Nangangako ang IFC na magpopondo lamang sa mga kliyente na inaasahang makamit ang mga Performance Standard ng IFC sa loob ng tamang panahon. Mga sunod sunod na aberya sa pagsunod sa mga requirements na ito ay maaaring magdulot ng kawalan ng suportang pinansyal galing sa IFC. Sa pamamagitan ng Sustainability Policy nito, kinikilala ng IFC na ang pagbabango ng klima (climate change) ay isang seryosong pandaigdigang hamon , at ang IFC ay naninindigan na ang pagtugon sa pagbabago ng klima sa tulong ng pribadong sektor at iba pang mga partido ay isang mahalagang prayoridad ng IFC.

Sa partikular, patungkol sa mga pamumuhunang pinansyal, hinihingi ng IFC sa kliyente na magpalaganap ng mga environmental at social management system (ESMS) upang maipataw ang mga Performance Standards ng IFC sa kanilang mga negosyong may mataas na risiko (high risk). Pinangangasiwaan ng IFC ang FI sa pamamagitan ng pagtingin sa pagpapalaganap ng ESMS nito. Ang pangangasiwa ng IFC ay maaaring mangailangan ng mga pagbisita sa FI, maging na rin sa mga tumatanggap ng pondo mula sa FI, upang masiguro na ang mga requirements ng IFC ay nasusunod. Subalit ang kliyenteng FI at hindi ang IFC mismo ang may responsibilidad na tingnan at pangasiwaan ang mga risgong E&S na kaugnay sa mga proyektong pinopondohan ng FI.

Ang mga reklamo hinggil sa higit sa isang proyekto na sinusupportahan ng isang kliyenteng FI ng IFC ay naghahayag ng mga tanong patungkol sa (a) pagiging epektibo ng ESMS ng kliyente; at (b) hangganan ng pagpapatupad ng Performance Standards ng IFC sa mga pamumuhunan nito. Batay dito, ang pagtatasang ito ay tinintingna din ang mga E&S review na isinagawa bago mamuhunan at ang pangangasiwa sa kliyente bago maisampa ang reklamo sa CAO. Sa sandaling malaman ng IFC ang tungkol sa reklamo, tinitingnan din ng CAO ang mga hakbang na isinagawa ng IFC upang masiguro na may sapat na pagtatasa sa kliyente at napangasiwaan ang pagsangayon sa Performance Standards ng IFC sa mga proyektong tinutukoy, basta't ito'y may kinalaman sa mga napagkasunduang E&S requirements ng kliyente.

Bago pa man sa kanyang pamumuhunan noong 2011, sinuri na ng IFC ang portfolio ng kliyente at natukoy na nito na ang kliyente ay nahaharap sa mataas na risiko sa pagnenegosyo. Alinsunod dito, hiningi na ng IFC sa kliyente na ipatupad ang ESMS, upang mailapat ang Exclusion List ng IFC, mga kaukulang batas pambansa, at Performance Standards ng IFC sa mga pamumuhunan nito. Naproseso ng IFC ang una nitong pamumuhunan sa kliyente noong Marso 2011. Ang kliyente ay inaasahang ipatupad ang isang ESMS upang mailapat ang E&S requirements ng IFC sa loob ng isang takdang panahon kasunod ng petsa ng investment agreement ng IFC. Sa mga sumunod pang panahon, kinumpleto ng IFC ang ilan pang pamumuhunan (equity at pautang) sa kliyente. Kabilang dito ay ang binagong ESAP na nag aupdate ng mga pangako ng kliyente na ipatupad ang isang ESMS alinsunod sa E&S requirements ng IFC. Noong 2015, naghanda ang IFC ng isang malalim na pagbabalik-tanaw ng ESMS ng kliyente, at noong 2017, nagbigay ang IFC ng mas pinagibayong suporta upang mapabuti ng kliyente ang pagpapatupad ng ESMS nito. Bagama't ang mga huling mga ulat- pangangasiwa ng IFC sa kliyente ay nagtala ng ilang pagka-unlad sa pagsasagawa ng ESMS ng kliyente, hindi ito nagbibigay ng katsiguruhan ng pagpapatupad ng kliyente sa ESMS nito batay sa napagkasunduan.

Kasunod ng pagsampa ng reklamo sa CAO, at ayon na rin sa ulat ng pagtatasa ng CAO, iniulat ng kliyente na nagsagawa na ito ng pinagibayong due diligence sa 10 coal-fired power plants na tinukoy sa reklamo. Batay sa ulat ng kliyente sa CAO, ang pinagibayong pagsasagawa ng due diligence ay

nakapagtukoy ng mas mataas na antas ng risiko sa E&S sa isa sa sampung planta na tiningnan, habang ang natitirang mga planta ay may mas mababang antas ng risiko sa E&S. Ayon sa kliyente, ang mga obserbasyong ito naman ay hindi nagbabadya ng kagyat na banta sa kalikasan, sa project staff o sa mga komunidad.

Ang layunin ng isang compliance appraisal ng CAO ay upang masiguro na ang mga imbestigasyon hinggil sa compliance ay nasisisimulan lamang patungkol sa mga pamumuhunan ng IFC na nagpapalutang ng malalaking mga alalahanin hinggil sa mga E&S outcomes at/o kaya ay mga isyung may pansistematikong importansya sa IFC. Sa pagtukoy kung sisimulan ang isang imbestigasyon, tinitimbang ng CAO ang ilang mga kadahilanan, kabilang na ang 1) bigat at lawak ng mga alalahanin sa E&S na idinadaing ng isang reklamo; 2) kung may mga katanungan hinggil sa pagiging sapat ng mga requirements ng IFC; 3) at isang pangkalahatang pagtatasa kung ang isang imbestigasyon ay ang karampatang tugon batay sa mga pangyayari.

Ang mga nagreklamo ay naghayag ng isang hanay ng panlokal na isyung pangkapaligiran at panlipunan patungkol sa higit-sa-isang coal fired power plants na pinopondohan ng kliyente. Kanila ring ipinaparatang na ang IFC, sa pamamagitan ng hindi pagseseguro na ang kliyente ay sumusunod sa E&S requirements nito at sa pagpopondo ng coal fired power plants, ay dumadagdag sa epekto ng pagbabago ng klima sa Pilipinas. Sa partikular, sila ay nagaalala na ang mga carbon emission ng mga coal fired power plants na pinopondohan ng kliyente ay magpapalala ng pandaigdigang epekto ng pagbabago ng klima, kung saan ang Pilipinas ay nasa delikadong katayuan.

Wala na sa saklaw ng pagtatasa ng CAO ang pagtiyak kung ang mga coal fired power projects na nailista sa reklamo ay may mga hindi-birong masamang epekto sa E&S. Ang tanong sa yugtong ito ay: batay sa panimulang pagtingin sa ebidensyang nakalatag, kung ang reklamo nga ba ay naghahayag ng mga malalaking mga alalahanin patungkol sa E&S outcomes ng pamumuhunan ng IFC. Nabasa ng CAO ang positibong pagtatasa ng RCBC ng E&S performance ng coal fired power plants. Subalit lumalabas sa pagtatasa ng CAO na may mga substantial na alalahanin patungkol sa E&S outcomes ang pamumuhunan ng IFC sa RCBC, kung isinasaalang-alang ang: (a) mga partikular na paratang ng pagkakaroon ng masamang epekto na inihayag ng reklamo; (b) ang bilang ng coal-fired power plants na pinopondohan; (k) ang E&S risk profile ng pagtatayo at pagpapatakbo ng mga planta; at (d) mga tanong hinggil sa kapasidad ng kliyente upang magpatupad ng isang ESMS na inilalapat ang Performance Standards ng IFC patungkol sa higher risk business activities.

Tinukoy din ng CAO ang ilang katanungan patungkol sa paglapat ng E&S standards ng IFC sa pamumuhunang ito, sa partikular: (a) kung ang pre-investment E&S review ng IFC sa kliyente ay kasukat sa risiko, at kung ito nga ba ay nagtalaga ng makatotohanang pagasa na makakamit ng kliyente ang mga E&S requirements sa loob ng napagkasunduang takdang panahon; (b) kung ang pangangasiwa ng IFC sa kliyente, kabilang na ang pagpoproseso ng karagdagang pamumuhunan, ay may kasamang sapat na konsiderasyon sa pagsasagawa ng kliyente ng E&S requirements ng IFC at ang paggawa ng E&S risk profile hinggil sa pagpapautang ng kliyente; (k) kung ang IFC ay sapat na nakatugon sa mga alalahanin patungkol sa E&S ng mga proyekto na inihayag sa reklamo sa CAO; at (d) kung ang lapitan (approach) ng IFC sa kanyang pamumuhunan ay naaayon sa kanyang ipinangakong Sustainability Policy na makipagtulungan sa pribadong sektor upang maigpawan ang pagbabago ng klima.

Sa pagsasaalang-alang ng mga potensyal na masamang epekto sa E&S ng mga proyektong nailista sa reklamo, ang mga alalahanin patungkol sa mga epekto na inihayag ng mga nagreklamo, at mga katanungan sa itaas patungkol sa pagtingin (review) at pangangasiwa (supervision) ng IFC sa kanyang pamumuhunan sa kliyente, nagpasya ang CAO na magsagawa ng compliance investigation bilang tugon sa reklamo. Ang saklaw ng imbestigasyon ay mas malalim pang tutukuyin sa pamamagitan ng isang Terms of Reference na gagawin alinsunod sa Operational Guidelines ng CAO.



Hinggil sa CAO

Ang misyon ng CAO ay magsilbing patas, pinagkakatiwalaan, epektibo at nagsasariling mekanismo at upang pagbutihin ang pangkalikasan at panlipunang pananagutan ng IFC at MIGA.

Ang tanggapan ng Compliance Advisor Ombudsman (CAO) ay isang malaya o nagsasariling tanggapan na direktang nagrereport sa Pangulo ng World Bank Group. Nag rereview ang CAO ng mga reklamo mula sa mga komunidad na apektado ng mga proyektong pangkaunlaran na isinasagawa ng dalawang pribadong sektor na bisig sa pagpapautang ng World Bank Group: ang International Finance Corporation (IFC) at ang Multilateral Investment Guarantee Agency (MIGA).

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang www.cao-ombudsman.org



Talaan Ng MGA Nilalaman

Hinggil sa CAO	4
I. Background	8
Pamumuhunan	8
Ang reklamo at ang Pagtatasa ng CAO.....	9
II. Pagsusuri.....	11
Ang pagsisikhay (due diligence) ng IFC bago mamuhunan	13
Pangangasiwa	14
III. Desisyon ng CAO.....	15

Tala NG MGA Akronim

AEPR	Annual Environmental Performance Report- Taunang Ulat sa Pagkilos Hinggil sa Kapaligiran
AMC	IFC Asset Management Company
ASEAN	Association of Southeast Asian Nations
CAO	Office of the Compliance Advisor Ombudsman (IFC and MIGA) - Tanggapan ng Compliance Advisor Ombudsman (IFC at MIGA)
E&S	Environmental and Social - Pangkalikasan at Panlipunan
ESMS	Environmental and Social Management System (synonymous with the pre-2012 term - Social and Environmental Management System (SEMS)) Sistemang Pangkalikasan at Panlipunang Pangangasiwa (kapareho ng termino bago mag 2012 na Sistema ng Panlipunan at Pangkalikasang Pangangasiwa)
ESRP	Environmental and Social Review Procedures Mga Pamamaraan sa Pangkalikasan at Panlipunang Pagsusuri
ESRR	Environmental and Social Risk Rating Paggagrado ng Risgo sa Kapaligiran at Lipunan
FI	Financial Intermediary Mga institusyong nagkokonekta sa tao at nagpapautang
GHG	Greenhouse gas
IFC	International Finance Corporation
NGO	Non-Governmental Organization
PS	Performance Standards (IFC)
PS1	Performance Standard 1: Assessment and Management of Environmental and Social Risks and Impacts - Pamantayan sa Pagkilos 1: Pagtatasa at Pangangasiwa ng mga Risgo at Epektong Pangkapaligiran at Panlipunan
PS2	Performance Standard 2: Labor and Working Conditions - Pamantayan sa Pagkilos 2: Mga Mangagagawa at Kondisyon sa Pagtatrabaho
RCBC	Rizal Commercial Banking Corporation (“the client”)
SII	Summary of Investment Information - Buod ng Impormasyon Hinggil sa Pamumuhunan
SPI	Summary of Proposed Investment - Buod ng Panukalang Pamumuhunan

Pangkalahatang-ideya Tungkol sa Proseso ng Compliance Appraisal

Tuwing makatanggap ang CAO ng reklamo hinggil sa isang proyekto ng IFC o MIGA, ang reklamo ay ipinapasa sa isang pagtatasa. Kung matitiyak ng CAO na ang mga partido ay hindi handa o hindi kayang makarating sa isang pinag-usapang solusyon, ang kaso ay ipinapasa sa compliance function ng CAO upang matasa at mapasailalim sa isang posibleng imbestigasyon.

Ang isang compliance appraisal ay maari ring masimulan ng Bise Presidente ng CAO, pangasiwaan ng IFC/MIGA o kaya ay Presidente ng World Bank Group.

Ang tutok ng gawaing compliance ng CAO ay ang IFC o ang MIGA, hindi ang kliyente. Ito ay aplikable sa lahat ng gawaing pagnenegosyo ng IFC, kasama na ang real sector, pampinansyang merkado at pagiging tagapayo. Tinatasa ng CAO kung paano siniguro ng IFC/MIGA ang kanilang sarili na ang kanyang pagnenegosyo o pagpapayo, maging kung ang mga epekto (o outcomes) ng pagnenegosyo o pagpapayo ay alinsunod sa intensyon ng mga kaukulang polisiya. Subalit sa maraming mga kaso, sa proseso ng pagtatasa ng pagkilos ng proyekto at ng implementasyon ng IFC/MIGA ng mga hakbang upang makamit ang mga kaukulang rekisitos, nagiging kailangang tingnan ng CAO ang mga aksyon ng kliyente at matanto ang epekto sa lugar.

Upang mapag desisyunan kung kailangan ba o hindi ng isang imbestigasyon, una munang nagsasagawa ang CAO ng isang pagtatasa o compliance appraisal. Ang layunin ng proseso ng pagtatasa o compliance appraisal ay upang masiguro na ang imbestigasyon ay isinasagawa lamang para sa mga proyekto na nagpapalutang ng mga matitinding alalahanin hinggil sa pangkalikasan o panlipunang mga epekto, o kaya ay mga isyu na may importansyang pansistema sa IFC/MIGA.

Upang magiyahan ang proseso ng compliance appraisal, inilalapat ng CAO ang ilang mga batayan ng kapasyahan (criteria). Ang mga batayang ito ay sinusulit ang kahalagahan ng isang imbestigasyon, habang nilalayon ng CAO na tiyakin kung:

- Mayroon nga bang katunayan na posibleng malalaking masamang epektong pangkalikasan o panlipunan ngayon o sa hinaharap;
- Mayroon nga bang indikasyon na ang isang polisiya o iba pang batayan ng pagpapasya ay hindi nasunod o hindi kaukulang nailapat ng IFC/MIGA;
- Mayroon nga bang katunayan na nagsasabing ang mga probisyon ng IFC/MIGA, nasunod man o hindi, ay nabigong magbigay ng karampatang antas ng proteksyon.

Sa pagsasagawa ng pagtatasa, ang CAO ay makikipag-ugnayan sa pangkat ng IFC/MIGA na nagtatrabaho sa partikular na proyekto, ay sa iba pang mga kasangkot upang maunawaan kung 1) aling criteria ang ginamit ng IFC/MIGA upang masiguro ang kanilang sarili sa pagkiloh ng proyekto, 2) paano siniguro ng IFC/MIGA ang kanilang mga sarili na ang mga probisyong ito ay nagbigay ng karampatang antas ng proteksyon, at 3) sa pangkalahatan, kung ang isang compliance investigation nga ba ang nararapat na tugon. Pagkatapos ang isang compliance appraisal ay makumpeto, maaaring isara ng CAO ang kaso, o kaya ay magsimula ng isang compliance investigation sa IFC/MIGA.

Sa sandaling matapos ng CAO ang isang pagtatasa, aabisahan nito ang IFC/MIGA, ang Pangulo ng World Bank, at ang Board sa isang sulat. Kung ang isang pagtatasa ay magresulta mula sa isang aso na ipinasa galing sa opisina ng pakikipagkasundo (dispute resolution) ng CAO, ang nagreklamo ay aabisahan din sa pamamagitan ng isang sulat. Ang suma ng isang resulta ng pagtatasa ay isasapubliko. Kung pagpasyahan ng CAO na umpisahan ang isang imbestigasyon bilang resulta ng isang pagtatasa, ang CAO ay magsusulat ng isang Terms of Reference ng isang imbestigasyon alinsunod sa Operational Guidelines ng CAO.

I. Background

Pamumuhunan

Ang Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC o “ang kliyente”) ay isang malaking universal bank sa Pilipinas na nagbibigay ng iba’t-ibang uri ng pagbabangko at iba pang produkto at serbisyong pampinansyal, kasama na ang commercial at retail banking, credit card, asset management, at treasury at investment. Nagsagawa ang IFC ng ilang pamumuhunan (investment) upang suportahan ang RCBC.

Noong Marso 2011, nakuha ng IFC ang 6.7 porsyentong equity stake sa RCBC sa halagang US\$48.3m.¹ Ang layunin ng pamumuhunang ito ay upang suportahan ang paglago ng kliyente sa larangan ng microfinance, SME at retail banking.² Bilang bahagi ng pamumuhunang ito, kinailangan ng kliyente na magtalaga at mag patupad ng isang Environmental and Social Management System (ESMS) upang gamitin ang mga Environmental at Social (E&S) na rekisitos sa kanyang pamumuhunan. Dahil ang IFC ay may equity exposure sa kliyente, ang mga rekisitos na ito ay inilalapat sa lahat ng bagong pagpapautang na isinasagawa ng kliyente.

Noong Marso, 2013, nagbigay ang IFC ng ng pautang na puhunan upang makapagtalaga ng isang special purpose vehicle, upang makuha at mapag serbisyuhan ang mga “non-performing assets” ng RCBC.³ Habang ang pamumuhunang ito ay hindi nagpalaki sa pagkakalantad (exposure) ng IFC sa kliyente, ito naman ay nagkaroon ng epekto na mapabuti ang baseng kapital ng kliyente bago pa man sa mas mahigpit na rekisitos sa kapital ng Basel III framework.⁴

Noong Abril 2013, ang Asset Management Company (AMC) ng IFC ay nakakuha ng 5.6 porsyentong equity stake sa kliyente sa halagang US\$100m.⁵ Layunin ng pamumuhunang ito na patatagan ang baseng kapital ng kliyente.

Noong Nobyembre 2014, nagbigay ang IFC sa kliyente ng pautang sa halagang US\$30m upang suportahan ang paglago ng programa nito para sa maliliit at katamtaman ang laking mga negosyo (small ang medium enterprises o SME).⁶ Lubos na nabayaran na ang utang na ito noong July 2018.

Noong Abril 2015, ibinenta ng IFC ang bahagi ng kanyang equity stake sa isa pang kahati (shareholder).⁷ Ito ay naguwi sa pagkakaroon ng IFC at AMC ng kolektibong walong porsyentong equity sa kliyente.⁸

Noong Nobyembre 2015, nakilahok ang IFC sa isang bond issue ng RCBC sa pamamagitan ng pamumuhunan sa halagang US\$75Milyon.⁹ Inaasahan na ang pamumuhunang ito ay magkakaroon ng mga sumusunod na epekto: a) pagpapalawak at pagpapalalim ng bonf market; b) pagsuporta sa kliyente upang mapalawak nito ang kanyang pautang sa mga proyektong pang imprastruktura; at k) patuloy na pagsuporta sa stratehiya ng kliyente na pataasin ang pagpapautang sa mga hindi masyadong naseserbisyuhang mga SME at mga taganayon.¹⁰

¹ Philstar, March 9, 2011, *IFC acquires 6.7% stake in RCBC*. Available at <http://bit.ly/2FoZyHj>.

² IFC Disclosure, Summary of Proposed Investment (SPI): project number 30235. Available at <http://bit.ly/2J0EsQa>.

³ IFC Disclosure, Summary of Proposed Investment (SPI): project number 31184. Available at <http://bit.ly/2WXq7cm>.

⁴ Business World Online, February 26, 2013, *RCBC bad asset, share sale ‘credit positive’*, available at <http://bit.ly/2lu6lKb>.

⁵ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 32853. Available at <http://bit.ly/2WXbJkq>; Philstar, April 30, 2013, *IFC completes equity investment in RCBC*. Available at <http://bit.ly/2N1x1gU>.

⁶ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 34115. Available at <http://bit.ly/2MWRx75>.

⁷ RCBC, April 20, 2015, *RCBC and Cathay Life close equity investment deal*. Available at <http://bit.ly/2lvPog3>.

⁸ Reuters, August 8, 2016, *Philippines bank used in Bangladesh heist wins shareholder support*. Available at <https://reut.rs/2x9yEyw>.

⁹ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 37489. Available at <http://bit.ly/2RrC0WQ>.

¹⁰ IFC Disclosure, Summary of Investment Information (SII): project number 37489. Available at <http://bit.ly/2RrC0WQ>.

Ang reklamo at ang Pagtatasa ng CAO

Noong Oktubre 2017, isang reklamo ang isinampa sa CAO ng isang pambansang NGO, ang Philippine Movement for Climate Justice (PMCJ), bilang isang alyansa ng mga kilusan ng mga mamamayang nagmamalasakit na nakikibaka laban sa pagbabago ng klima.¹¹ Ang reklamo, na sinuportahan ng dalawang pandaigdigang NGO, ay isinampa rin para sa kapakanan ng ilang mga komunidad na naninirahan malapit sa 19 aktibo o iminumungkahing simulan na coal-fired power plant sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas. Ang nagreklamo ay nagsasaad ng ang RCBC, isang kliyente ng IFC, ay nagbigay ng tulong-pinansyal sa mga coal fired power plant at nagbabanggit ng mga lubhang epekto sa E&S na mararanasan ng mga komunidad dahil sa mga planta.

Noong Nobyembre, 2017, natiyak ng CAO na ang reklamo ay “eligible” pagdating sa walo mula sa 19 na komunidad na nagreklamo sa mga masasamang epekto ng mga nakatayo o iminumungkahing itayong mga planta. Noong Marso, 2018, natiyak din ng CAO na eligible din ang tatlo pang mga planta. Ang pinagsama-samang bilang ng komunidad na may reklamong eligible ay 11 (mga nagreklamo). Tiniyak ng CAO na ang natitirang walo pang planta ay hindi pumasa sa pamantayan para maging eligible.¹² Tingnan ang Annex A para sa kumpletong listagan ng mga planta at mga pasya hinggil sa kanilang eligibility.

Pagtingin ng mga Nagreklamo

Ang reklamo ay nagsasaad na ang RCBC ay nagbigay ng tulong pinansya sa mga planta, at nagpapalutang ng ilang mga alalahanin hinggil sa a) mga risiko sa E&S sa lebel ng komunidad at mga epekto ng mga planta; b) mga epekto ng planta sa pagbabago ng klima; k) ang paraan ng kliyente ng pangangasiwa sa mga riskong ito; at d) ang pagbabantay ng IFC sa kliyente at pagiging bukas ng kanyang FI portfolio.

Nagsabi ang mga kinatawan ng mga komunidad ng ilang alalahanin hinggil sa epektong E&S ng mga plantang tinutukoy. Hindi lahat ng epekto ay sinasabing sabay-sabay na nangyayari sa lahat ng lokasyon, pero kanilang sinasabing may makabuluhang pagkakaulit ng mga ito sa iba't-ibang lokasyon. Sa partokular, binabanggit nila ang mga sumusunod na alalahanin patungkol sa mga planta: a) epekto sa pampublikong kalusugan; b) masamang epekto mula sa fly ash; k) polusyon sa tubig, hangin at ingay; d) epekto sa mga mangingisda; e) hindi sapat na relokasyon; g) patong-patong na mga epekto; h) mga alalahanin ng mga manggagawa; i) mga pamanang masamang epekto; l) mga may depektong proseso ng konstruksyon; m) alalahanin hinggil sa mga proseso ng pagpapatakbo ng gobyerno; n) mga nakaraang panunupil sa mga oposisyon at paniniil sa mga alalahanin; at n) pagbubuga ng mga karbon. Ang Annex A ay nagtatala ng mga alegasyon patungkol sa bawat isang reklamo

Ikinukonekta din ng reklamo ang pagpapatayo ng mga coal fired power plant sa mas malalawak na isyu ng pagbabago na may epekto sa Pilipinas at mga residente nito, pati na rin ang mga nagreklamo. May alalahanin din ang mga nagreklamo na ang mga ibinubugang karbon mula sa mga planta ay magpapalala sa mga pandaigdigang epekto ng pagbabago ng klima, kung saan ang Pilipinas ay lubhang mahina ang panlaban. Nagpapalutang din ang reklamo ng mga isyu patungkol sa E&S risk management system ng RCBC, an g kawaln ng konsultasyon at impormasyon hinggil sa sinusuportahan nitong mga planta at mga epekto ng mga ito, at kawalan ng mekanismo sa paghahain ng reklamo ng mga apektadong komunidad.

¹¹ Complaint to CAO is available at <http://bit.ly/2N23fsr>.

¹² See CAO's Assessment Report, April 2019, for a full list of the coal-fired power plant projects and eligibility decisions. Available at - <https://bit.ly/30BV5ZS>.

Nagpapalutang din ang reklamo ng mga isyu hinggil sa IFC, partikular na ang: hindi nito pagiging bukas pagdating sa kanyang financial intermediaty portfolio; ang pagbabantay at pangangasiwa ng IFC sa pagkilos ng RCBC patungkol sa E&S, lalo na sa mga pamumuhunan nito sa mga “negosyong may potensyal na malulubhang epektong pangkapalilgiran at panlipunan, o kaya ay mga epektong malawak, hindi na maibabalik, at walang ibang mapagparisan,”¹³ katulad ng coal sector; at pagsunod sa sarili nitong mga polisiya at alituntunin hinggil sa mga pamumuhunan nito sa RCBC.

Pagtingin ng Kliyente

Ipinaliwanag ng RCBC na ang kanyang relasyon sa IFC ay nakatutok lamang sa pagbibigay ng pautang sa mga SME, pagsuporta sa mga babaeng negosyante, at pagpapautang sa mga taganayon.

Inilarawan ng kliyente ang kanyang pamamaraan sa E&S risk management at nabanggit na ito ay nakapagtalaga at nagpapatupad ng isang ESMS upang suportahan ang kanyang lubusang pagsisikhay (due diligence), E&S risk categorization at pangangasiwa. Sinasabi ng kliyente na ang kanyang ESMS ay buhay, at umaayon sa Performance Standards ng IFC, at mga pinakamahuhusay na modelo sa industriya sa pagsasala at paguuri ng mga pamumuhunan at aplikasyon sa pautang. Kinukumpirma din ng kliyente na maingat nitong pinipili ang kanyang pamumuhunan at nakikipagugnayan lamang sa mga project sponsor¹⁴ na handang magpatupad sa Performance Standards ng IFC. Kung ang isang pamumuhunan ay nakauring high E&S risk, ang kliyente daw ay nagsasagawa ng isang pinagibayong pagsisikhay, kabilang na ang pagbisita ng RCBC staff sa proyekto, pakikipag-usap sa mga miyembro ng komunidad at mga lokal na opisyal upang matasa ang potensyal na epekto sa E&S. Sa mga transaksyong pang pinansyal, sinabi ng kliyente na hinihingi nito na magraoon ng isang independent na technical na tagapayo upang magbigay ng payo sa kabuuang katagalan ng pautang pagdating sa mga aspetong hindi pampinansyal at teknikal ng proyekto.

Tungkol sa reklamo sa CAO, sinabi naman ng RCBC na may pautang pang hindi bayad sa 10 mula sa 11 proyekto na sinabi ng CAO na eligible ang reklamo. Sinabi ng RCBC na ang kanyang relasyong pampinansyal ay sa pamamagitan ng syndication structures na sangkot ang maraming bangko, na may pamumuhunan na tinataya sa dalawa hanggang 29 porsyento ng kabuuang halaga ng proyekto, na may maximum na tagal na 15 years. Sinabi ng RCBC na wala syang pautang sa isang proyekto, kaya’t hindi nito pinangangasiwaan ang paggalaw sa E&S nito.¹⁵

Noong Abril 2019, iniulat ng RCBC na ang kanyang pinagibayong pagsisikhay (due diligence) ay naisagawa na at nakapaggawa ng ulat sa siyam mula sa 10 planta; ang huling natitirang isang ulat ay kasalukuyang inihahanda pa.¹⁶ Base sa mga ulat na ito, nakapagtala ang kliyente ng mga obserbasyon na may mataas na E&S risk sa isa lamang na planta. Ayon sa RCBC, ang mga obserbasyong ito ay hindi nagbabadya ng kagyat na banta sa kapalilgiran, sa project staff o kaya ay sa mga komunidad.¹⁷

Sinabi rin ng RCBC na ito ay isang aktibong tagapondo ng mga proyekto sa renewable energy sa Pilipinas at Timog-silangang Asya, na may portfolio na mas malaki pa sa sa mga pautang nito sa mga coal-fired power plant. Bukod dito, sinabi ng RCBC na noong 2018, ito ay unang nagpalabas ng green bond sa Pilipinas, na nakapagipon ng US\$290m. Ang bond ay tatlong ulit na

¹³ IFC Sustainability Policy, 2012, para. 40.

¹⁴ In this compliance appraisal the term project refers to the business activities at the ground level.

¹⁵ CAO Assessment Report, April 2019.

¹⁶ CAO Assessment Report, April 2019.

¹⁷ CAO Assessment Report, April 2019.

oversubscribed, at ipinalabas sa ilalim ng ASEAN Green Bond standards, at naka alyado din sa Green Bond Principles 2018 ng International Capital Market Association.

Dahil ang Pilipinas ay nagtiis noong nakaraan sa mga malalang kakulangan sa kuryente, sinabi ng RCBC na isang polisiya ng gobyerno ang unahin ang pagseguro na ang sektor sa enerhiya ay matugunan ang base load requirements ng bansa, kasama na ang paggamit sa coal power.¹⁸

II. Pagsusuri

Ang pagtatasang ito ay nagbabalangkas ng isinagawang pagsusuri ng IFC bago pa man ito namuhunan, maging na rin ang pangangasiwa nito sa kanyang pamumuhunan sa kliyente. Isinasaalang-alang nito kung paano siniguro ng IFC ang kanyang sarili na ang kanyang kliyente ay nagaaral at nangangasiwa sa mga pamumuhunang moderate hanggang high risk, alinsunod sa E&S requirements ng IFC. Pagkatapos matanggao ang reklamo, ang pagtatasang ito ay nagsasaalang-alang sa mga aksyong isinagawa ng IFC upang masiguro ang sarili na ang kliyente nito ay karampatang naglapat ng E&S requirements ng IFC sa mga proyektong inirereklamo.

Ang balangkas pampolisiya at E&S Requirements ng IFC

Ang equity investment ng IFC noong 2011 ay isinagawa sa konteksto ng 2006 Polisiya Hinggil sa Environmental at Social Sustainability (“Sustainability Policy”), ang 2006 Performance Standards (PS), at 2006 Polisiya hinggil sa Paglalahad ng Impormasyon (“Disclosure Policy”) - na kung pagsasama-samahin ay tinatawag na Sustainability Framework. Noong 2012, ang Sustainability Framework ay inupdate. Alinsunod dito, lahat ng pamumuhunan ng IFC pagkatapos ng 2012 at mga pangangasiwa sa kliyente ay isinagawa alinsunod sa inupdate na framework. Bagama’t panakanang binabago, ang Environmental and Social Review Procedures (ESRP) naman ay nagbibigay ng gabay sa IFC staff sa pagpapatupad ng Sustainability Framework.

Sa pamagitan ng kanyang Sustainability Policy, ang IFC ay naglalaying masiguro, sa pamamagitan ng pinagibayong pagsisikhay (due diligence), pagbabantay at pangangasiwa, na ang mga gawaing pagnenegosyo na pinondohan nito ay naipapatupad alinsunod sa mga rekisitos ng Performance Standards. Kinukumpirma ng IFC na ito ay “magpopondo lamang sa mga gawaing pamumuhunan na inaasahang makakamit ang mga rekisitos ng Performance Standards sa loob ng isang sapat na panahon. Anumang paulit-ulit na pagka antala sa pagkamit sa mga rekisitos na ito ay maaring magdulot sa kawalang suportang pampinansya mula sa IFC”.¹⁹

Kung ang IFC ay namumuhunan sa isang financial intermediary, nilalayon ng IFC ang kakayanan nito na pamahalaan ang mga risiko sa E&S. Ito ay nakakamit sa pamamagitan ng pagtatalaga at pagpapatupad ng ESMS, at sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng panloob na kakayanan ng FI na magsagawa ng individual transaction appraisal, pagmomonitor, at maging ng pangkalahatang pamamahala ng portfolio.²⁰

Sa isinagawang pag-aaral bago mamuhunan, pinagaralan ng IFC ang “kasalukuyang portfolio at nakaambang pagnenegosyo ng mga kliyente ng FI upang matukoy ang mga gawain kung saan ang FI at an g IFC ay maaring mabilad sa mga risiko bilang resulta ng kanyang pamumuhunan, at nagtatalaga ng mga reekisitos upang mapamahalaan ang mga risgong ito”. Ang mga rekisitos ng

¹⁸ CAO Assessment Report, April 2019.

¹⁹ IFC Sustainability Policy, 2012, para 7 and 22.

²⁰ IFC Sustainability Policy, 2012, para 33.



IFC sa kanyang FI ay nakasalalay sa tipo ng pamumuhunan ng IFC, gamit sa kita ng pamumuhunan, at risiko sa E&S ng portfolio ng FI.

Kabilang sa mga rekisitos ng IFC na hinihingi nito sa kanyang mga kliyente ay ang pagpapaunlad ng isang ESMS na naglalapat ng Exclusion List ng IFC, at iba pang pambansang mga batas sa mga pamumuhunan nito. Kung ang FI ay sumusuporta sa mga pagnenegosyong may pangkalahatang layunin, ang mga rekisitos ng IFC ay inilalapat sa kabuuang portfolio ng FI simula sa panahon na ang IFC ay naging kahati o namuhunan sa negosyo.²¹

Pinapangasiwaan ng IFC ang mga kliyente nitong FI sa pamamagitan ng pagaaral sa pagpapatupad nito ng ESMS. Kasama na dito ang panaka-nakang pagrerebyu ng mga proseso at resulta ng E&S due diligence ng FI. Nakikipagtulungan ang IFC sa kanyang mga kliyenteng FI upang matulungan ang mga itong masolusyonan ang mga pagkukulang sa kanilang ESMS.²²

²¹ IFC Sustainability Policy, 2012, para 37.

²² IFC Sustainability Policy, 2012, para 45.

Pagbabago ng Klima: Mga rekisitos at pangako ng IFC

Sa pamamagitan ng kanyang Sustainability Policy, “kinikilala ng IFC na ang pagbabago ng klima ay isang seryosong pandaigdigang hamong at ang mga epektong pangklima ay maaring makasagabal sa pangkabuhayan at panlipunang kabutihan ng mga mamamayan, at sa mga proyektong pangkaunlaran. Ang pakikipag tulungan sa pribadong sektor at iba pang mga kasangkot upang matugunan ang pagbabago ng klima ay isang pangunahing estratehiya ng IFC”.²³

Ang Sustainability Policy ay nagsasaad na ang IFC “sa pagsisikap nito na suportahan ang kanyang mga pangako hinggil sa pagbabago ng klima, ay maggagawa ng mga instrumento at magpapaunlad ng mga modelong gawain na magbibigay daan sa mga kliyente nito upang isaalang-alang ang mga risgong pangklima at mga oportunidad sa kanyang mga desisyon hinggil sa pamumuhunan”. Nangangako din ang IFC na hingin sa mga kliyente nito na isama ang mga greenhouse gas emissions (GHG) sa kanilang mga regular na ulat alinsunod sa Performance Standard 3 quantification threshold.²⁴

Noong 2008, nagtalaga ang World Bank Group ng mga target sa pagpopondo sa mga proyekto sa renewable energy at nagbalangkas ng mga pamantayang isasaalang-alang bago magpondo sa mga coal fired power plants sa pamamagitan ng mga lumang instrumentong pampinansyal. Noong Hulyo 2013, inianunsyo ng World Bank Group na tio ay magbibigay lamang ng suportang pinansyal sa mga proyektong greenfield coal power generation sa mga pambihirang pagkakataon.²⁵ Pagdating naman sa mga nakatayo nang plantang karbon, ikinukumpirma ng World Bank Group na susuportagan nito ang mga proyektong nagpapababa ng GHG emissions. Ang ulat noong 2013 ay inaprubahan ng Board, at ito ay aplikable sa IFC, subalit hindi nito nababanggit ang pamumuhunan ng IFC sa coal fired power plants sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga financial intermediary.

Noong Oktubre 2018, inianunsyo ng CEO ng IFC ang isang bagong pamamraan ng mga kliyenteng FI na namumuhunan sa karbon. Kinumpirma ng IFC na susuportahan lamang nila ang mga financial intermediary na pormal na mangangako sa simula pa lamang na pabababain o di kaya naman, sa ilang nga halimbawa, lalabas sa lahat ng pamumuhunan sa karbon sa loon ng isang takdang panahon. Nakita ng IFC na ito ay “mangangailangan na ang mga bagong kliyenteng Financial Intermediary na namumuhunan sa proyektong karbon na ibukas sa publiko ang kanilang pamumuhunan sa sektor na ito”.²⁶

Sa buod, ang policy framework ng IFC ay nangangako na ang institusyon ay makikipagtulungan sa pribadong sektor na tugunan ang pagbabago ng klima bilang isang pangunahing estratehiya, habang di tuluyang sinasabi na hindi kasama dito ang pagpopondo sa mga coal fired power station sa pamamagitan ng mga financial intermediaries.

Ang pagsisikhay (due diligence) ng IFC bago mamuhunan

Isang susing tanong sa CAO ay kung ang IFC ba ay nagsagawa ng due diligence sa kanyang pag-aaral sa mga risgong E&S ng pamumuhunan, at pagdidisenyo nito ng mga aksyong pipigil sa mga masamang epekto. Batay sa mga ESRP, pinagaaralan ng IFC ang kakayahan ng kliyente na ipatupad ang mga rekisitos ng IFC, at ang track record nito hanggang sa kasalukuyan sa pagpapatupad ng ESMS. Kung mayroon mang mga kakulangan, ang mga ito ay isinasaalang-alang

²³ IFC Sustainability Policy, 2012, para 10.

²⁴ IFC Sustainability Policy, 2012, para 10 and 11.

²⁵ World Bank Group, 2013, Toward a Sustainable Energy Future for All: Directions for the World Bank Group's Energy Sector.

²⁶ IFC CEO, October 2018, Opinion: A new IFC vision for greening banks in emerging markets. Available at <http://bit.ly/2GiAmCv>.

sa isang action plan na sinasangayunan ng kliyente at isinasama sa kasunduang panligal sa pagitan ng IFC at ng kliyente.²⁷

Ang 2011 equity investment ay nagbilad ng husto sa IFC sa kabuuang pagnenegosyo ng kliyente. Batay dito, ang pagaaral na isinagawa ng IFC bago pa man mamuhunan ay humingi ng pagtatasa sa lahat ng aspeto ng pamamaraan ng kliyente patungkol sa E&S risk management.

Sa pagsisiwalat ng buod ng kanyang pag-aaral bago mamuhunan, naitala ng IFC na sinuri nito ang portfolio ng kliyente at natiyak nito na ang kliyente ay nangangailangang ilapat ang Exclusion List ng IFC, mga pambansang batas at Performance Standards ng IFC (na sama-samang tinatawag na Applicable Performance Requirements) sa lahat ng mga pamumuhunan ng kliyente. Upang maipatupad ang mga rekisitos na ito, hiningi ng IFC sa kliyente na a) magsagawa ng isang ESMS ayon sa gusto ng IFC bago ilabas ang pondo; b) magtukoy ng mga responsible at kwalipikadong mga tao upang mamahala at magpatupad ng ESMS; k) pangakong ipatupad ang ESMS upang masiguro na ang mga pamumuhunan o mga gawaing susuportahan ng IFC ay tumutupad sa Applicable Performance Requirements; d) magpakita ng kahandaang ilapat ang PS2 ng IFC: Labor ang Working Conditions requirements sa mga operasyon ng RCBC; at e) pagsumite ng mga nakatakandang ulat sa IFC na nagdedetalye ng pagpapatupad ng mga rekisitos ng IFC.²⁸ Ang kasunduang panligal ng IFC ay humihingi sa kliyente na ipatupad ang mga hakbang na ito simula sa pamumuhunan ng IFC hanggang sa ilang buwan pagkatapos.

Sa konteksto ng laki ng kliyente, at makabuluhan nitong mga pautang, ang inisyal na pagaaral ng CAO ng 2011 pre-investment review ng IFC ay nagpapalutang ng ilang mga tanong patungkol sa kung ang IFC ba ay nagsagawa ng sapat na pagaaral sa kakayanan ng kliyente na maipatupad ang E&S requirements ng IFC. Isa pa, may mga katanungan ang CAO sa kung ang mga materyal na napagaralan ng IFC sa panahon ng kanyang pre-investment review ay sumusuporta sa konklusyon na ang kliyente ay kayang gumana nang naayon sa Performance Standards ng IFC sa loob ng katanggap-tanggap na panahon, na siyang pamantayang pagsusulit upang mamuhunan ang IFC.

Pangangasiwa

Sa panahon ng pangangasiwa, binabantayan ng IFC ang “pagkilos ng FI sa batayan ng [ESMS].”²⁹ Sa partikular, inaasahan ang IFC na matiyak kung mayron nga bang “sapat na ebidensya na ang kliyente ay nagsasagawa ng ESMS ayon sa layunin nito, sa panahon ng pagtatasa”.³⁰

Naproseso ng IFC ang unang paluwal sa kliyente noong Marso 2011.³¹ Mula noon, nirerebyu ng IFC ang mga AEPR ng kliyente, nagsasagwa ng pagbisita sa mga planta isang beses isang taon, nakabisita sa tatlong proyekto, at nakapag rebyu ng mga sample project E&S due diligence na inihanda ng kliyente.

Inaasahan ang kliyente na ipatupad ang ESMS upang mailapat ang E&S requirements ng IFC pagkatapos na pagkatapos ng una nitong pagpopondo. Sa mga sumunod na panahon, kinumpleto ng IFC ang ilan pang pautang at equity investment sa kliyente. Kasama dito ang isang binagong ESAP na nag aupdate sa mga pangako ng kliyente na ipatupad ang isang ESMS ayon sa E&S requirements ng IFC.

²⁷ ESRP, 2007, para. 7.2.16–17.

²⁸ IFC Disclosure, SPI, project number 30235

²⁹ IFC Sustainability Policy, 2006, para. 29.

³⁰ ESRP 2007, para. 10.2.7.

³¹ IFC Disclosure, SPI, project number 30235.

Noong 2015, naghanda ang IFC ng isang malalim na pag-aaral sa ESMS ng kliyente, at noong 2017, nagbigay ang IFC ng pinagibayong suporta sa kliyente upang mapabuti ang pagpapatupad ng ESMS. Sa huling ulat pangangasiwa ng IFC, sinabi nito na nakita nya ang ilang progreso sa pagpapaunlad ng E&S system ng kliyente, subalit hindi ito nagbigay ng pagsisiguro na maipapatupad ang ESMS ayon sa napagkasunduan.

Hanggang Abril 2019, kinumpirma ng kliyente na mayroon itong pautang sa 10 mula sa 11 coal fired power plants na nakalista sa reklamo. Iniulat ng kliyente na ang isang pinagibayong E&S due diligence ay naisagawa na, at may ulat sa siyam mula sa 10 power plants; ang report sa isa pang planta ay kasalukuyang ginagawa. Base sa mga ulat na ito, nagtala ang kliyente ng ilang obserbasyon na high E&S risk sa isang planta. Ayon sa RCBC, ang mga obserbasyong ito ay hindi nagbabadya ng kagyat na banta sa kapaligiran, sa project staff at sa mga komunidad.³²

Sinabihan ng IFC ang CAO na nagbigay ng kopya sa IFC ang kliyente ng mga ulat tungkol sa E&S due diligence para sa mga coal fired power stations, at sa iba pang proyektong high risk na pinondohan ng kliyente. Pinagaralan ng IFC ang mga ulat at nagbigay ng kumento sa kliyente sa tatlong mga ulat.

Bilang bahagi ng pinagibayong suporta ng IFC sa kliyente noong 2017, isang consultant ng IFC ang bumisita sa coal fired power plants na inireklamo.

Habang ang nga pinakahuling ulat ng proyekto ay nagsasabing may pinaigting na atensyon ang inilaan ng IFC sa pagpapatupad ng ESMS ng kliyente sa pangkalahatan, at pamamahala sa E&S risks na kaakibat ng pagpapautang sa coal fired power stations na nakalista sa reklamo sa CAO sa partikular, nagiiwan ng mga tanong ang ilang impormasyon hinggil sa pangangasiwa ng IFC sa kliyente, partikular patungkol sa a) kakayanang ipatupad ang ESMS; b) mga proseso ng pagseseguro na ang Performance Standards ng IFC ay nailalapat sa mga pagnenegosyong high risk na sinusupportahan ng kliyente, at k) pagbabantay sa mga high risk projects batay sa mga rekisitos ng Performance Standards.

III. Desisyon ng CAO

Ang layunin ng pagtatasa ng CAO ay upang siguruhin na ang isang imbestigasyon ay nasisisimulan lamang kung patungkol lamang sa pamumuhunan ng IFC na nagpapalutang ng mga mabibigat na alalahanin patungkol sa E&S outcomes at/o kaya ay mga isyu na may sistematikong importansya sa IFC. Sa pagtutukoy kung kinakailangan ngang simulan ang isang imbestigasyon, tinitimbang ng CAO ang ilang kadahilanan kabilang na ang bigat ng mga alalahanin tungkol sa E&S na ipinapalutang ng reklamo, mga resulta ng pagaaral ng IFC sa pagkilos sa E&S patungkol sa mga isyung ito, ang pagkakaroon ng mga tanong hinggil sa kasapatan ng rekisitos ng IFC, at isang mas pangkalahatan pang pagtatasa kung ang isang imbestigasyon nga ba ang nararapat na tugon sa kasalukuyang kalagayan.

Nagpapalutang ang mga nagreklamo ng isang malawak na saklaw ng pangkapaligiran at panlipunang mga isyu patungkol sa ilang coal fired power plants na pinopondohan ng kliyente. Iginigiit din nila na ang IFC, sa kanyang hindi pagseguro na ang kliyente ay sumusunod sa E&S requirements nito at sa pagpopondo ng coal-fired power plants, ay dumadagdag sa epekto ng pagbabago ng klima sa Pilipinasw. Sa partikular, nagaala-ala sila na ang mga ibinubugang karbon mula sa mga planta na pinopondohan ng kliyente ay magpapalala sa mga epekto ng pagbabago ng klima sa daigdig, kung saan ang Pilipinas ay mahina ang panlaban.

³² CAO Assessment Report, April 2019.

Wala na sa saklaw ng isang pagtatasa ng CAO ang dumating sa isang konklusyon kung mayroon nga bang masamang epekto sa E&S ang mga proyektong coal fired power plants na nakalilista sa reklamo. Ang tanong ay, base sa panimulang pag aaral ng mga nariyang ebidensya, kung mayroon nga bang mabibigat na alalahanin regarding sa E&S outcomes ng pamumuhunan ng IFC. Naitala ng CAO ang positibong pagtatasa ng RCBC hinggil sa E&S performance ng mga planta. Subalit nakarating ang CAO sa konklusyon na mayroon ngang mabibigat na alalahanin patungkol sa E&S outcomes ng pamumuhunan ng IFC sa RCBC, kung isasaalang alang ang: a) mga partikular na alegasyon na masasamang epekto na naipalutang ng mga reklamo; b) ang bilang ng coal fired power plants na pinopondohan; k) ang E&S risk profile ng pagtatayo at paggana ng mga plantang ito; at d) mga katanungan hinggil sa kakayahan ng kliyente na ipatupad ang ESMS na naglalapat ng Performance Standards ng IFC sa mga pagnenegosyong matataas ang mga risiko.

Batay dito, natukoy ng CAO ang ilang katanungan patungkol sa pagkilog ng IFC, sa partikular: a) kung ang pag-aaral ba sa E&S na isinagawa nito bago ito mamuhunan sa kliyente ay kapantay sa risiko, at kung ito nga ba ay nagtalaga ng makatotohanang pagasa na ang kliyente ay makakamit ang E&S requirements ng IFC sa loob ng napagkasunduang panahon; b) kung ang pangangasiwa ba sa kliyente na isinagawa ng IFC, kabilang na ang pagpoproseso ng karagdagang pamumuhunan, ay nagsama ng sapat na pagsasaalang-alang sa pagpapatupad ng E&S requirements ng IFC at ang pagsasagawa ng E&S risk profile sa pagpapautang ng kliyente; k) kung ang IFC ay sapat na tumugon sa mga alalahanin sa E&S ng mga proyekto na lumabas sa reklamo sa CAO; at d) kung ang pamamaraan ng pamumuhunan ng IFC ay naaayon sa mga pangako nito sa Sustainability Policy na makipagtulungan sa pribadong sektor upang maharap ang pagbabago ng klima.

Sa pagsasaalang-alang ng mga potensyal na masasamang epekto sa E&S ng mga proyekto na nakalista sa reklamo, mga alalahanin hinggil sa epekto na ipinalabas ng mga nagreklamo, at mga katanungan sa itaas hinggil sa pagrerebyu at pangangasiwang isinagawa ng IFC hinggil sa pamumuhunan sa kliyente, nagpasya ang CAO na magsagawa ng isang compliance investigation bilang tugon sa reklamong ito. Ang saklaw ng imbestigasyon ay lalo pang tutukuyin sa loo ng isang Terms of Reference na ginawa alinsunod sa Operational Guidelines ng CAO.

Annex A- Mga Proyektong Eligible at ang mga sinasabing epekto ng mga ito³³

	Pangalan ng proyekto	Desisyon ng CAO hinggil sa Eligibility	Katayuan ng Proyekto	Mga sinasabing epektong pangkapaligiran at panlipunan
1	Masinloc Power Plant Expansion Project	Eligible	Pinapalaki	Ang planta ay naka apekto sa pangisdaan. Dumalang na ang mga huli ng mga mangingisda, na ngayon ay pwersado nang pumalaot ng husto sa karagatan upang makapangisda, na nagpataas ng kanilang gastusin. Ang kanilang pang-araw-araw na kita ay hindi na ngayon sapat upang masustentuhan ang kanilang mga pamilya. Mayroon ding pagkasira ng mga lato, na isa pa ring pinagkukunan ng kabuhayan. Ang mga nagsasaka ng lato ay kinailangang umalis sa lugar upang makahanap ng kabuhayan sa ibang lugar. Mayroon ring mga masasamang epekto sa mga tani at bungang-kahoy.
2	GNPower Dinginin Power Station Expansion	Eligible	Pinapalaki	Ang mga lokal na pamayanan ay hindi sapat na nabigyan ng impormasyon o kaya ay tamang nakonsulta, at ang ibang grupo ay naipwera ng tuluyan. Ang gumaganang planta ay nagsasabog ng masamang amoy. Mayroong mga sakit sa baga sa komunidad na nagsimula noong magsimulang gumana ang planta. Nakakita rin ng mga sakit sa balat. May mga alagang hayop na namatay, na pinapaniwalang dahil sa planta. Hindi na pinapayagang mangisda ang mga mangingisda sa lugar, sa kabila ng ito ang pangunahing ikinabubuhay nila. Nagtayo ng mga bakod upang protektahan ang paligid ng planta at upang harangan ang mga mangingisda. Kung nagtatangkang lumapit ang mga mangingisda sa lugar, nagpapaputok ng mga babala ang mga guwardya ng planta. Dagdag pa, ang mga lugar pangisdaan ay unti-unting naapektuhan habang ang mga tubig ay nakokontamina. Napaalis ang mga lokal na residente na binayaran lamang kaunting kompensasyon (ayon sa isang residente, mula 50 hanggang 100 pesos lamang). Bahagi ng lupang nabakuran ay pagmamayari ng mga katutubong komunidad.
3	South Luzon Thermal Energy Corp.	Eligible	Gumagana na	Nagreklamo ang mga mangingisda na ang mga tanim nila sa paligid ng planta ay namamatay dahil sa abong ibinubuga ng planta. Naapektuhan din ang mga pinagkukunan ng tubig; natuyo na ang mga poso-artesyano. Ang pagtatayo ng planta ay nagdulot ng pagguho ng baybaying dagat, na nakaapekto sa mga pangkabuhayan, katulad ng isang negosyong rest house ng isang residente.
4	San Buenaventura Power Ltd. Co. Project	Eligible	Expansion Pinapalaki	Isang pagaaral ng Health Care Ministry ng Probinsya ng Quezon ang nagpakita sa proyektong Power Ltd. Co. sa Mauban, Quezon na ang kaso ng ga tuberculosis ay tumaas simula ng gumana ang 511MW Quezon Power Plant sa Mauban, Quezon. Ayon sa isang pag-aaral ng Greenpeace, ang gumaganang planta sa Mauban, Quezon ay nagdulot ng “mapanganib na pagkakaroon ng mga mabibigat na metal tulad ng mercury, arsenic, carcinogen, pati na rin ang mapanganib na lead at chromium”. Ang mg mabibigat na metal ay napatunayan na nagdulot ng malalang epekto sa buhay samu’t-sari sa katubigan, na isa sa pangunahing

³³ Tulad ng inilahad sa reklamo ng CAO <http://bit.ly/2N23fsr>

				pinagkukunan ng kabuhayan ng mga residente ng Mauban. Ikinakatakot din ng komunidad na ang ibayo pang mga kaso ng sakit sa baga at iba pang negatibong epekto sa kanilang kalusugan at sa kapaligiran ay idinudulot ng Expansion.
5	Panay Power Station Expansion Project	Eligible	Pinapalaki	Nagreklamo ang mga residente ng Brgy. Nipa, Concepcion, Iloilo ng mga sakit sa baga at sakit sa balat.
6	Southern Mindanao Coal Fired Power Plant	Eligible	Pinapalaki	May ilang mga katutubong B'laan ang pinaalis mula sa kanilang lupaing ninuno. Na walang kaukulang proseso ng FPIC. Nakararanas ang mga residente ng mga lubang sakit sa tiyan, na ayon sa municipal health office ay dulot ng pagkontamina sa tubig. Ang planta ay nagbabanta sa Tino-Tampuan coral reef, isang protected area.
7	Lanao Kauswagan Power Plant	Eligible	Kasalukuyang itinatayo	Noong Agosto 2016, 321 pamilya ang pinaalis at pina pinalipat sa isang hindi pa tapos na resettlement site, na walang kaseguruhan sa tirahan. Pinalipat ang mga residente sa mga hindi pa tapos na mga kabahayan, na kinakitaan ng hindi ligtas na electrical wiring, hindi matibay na konstruksyon, mapuputik na mga daan, at walang tubig na mga bahay.
8	Toledo Power Corp. Plant	Eligible	Gumagana na	Ang mga abo na ibinubuga ng planta ay walang pakundangang itinatambak sa mga bukas na espasyo sa Toledo City at kalapit-lugar. Nagdulot ito ng mga malulubhang epekto, kabilang na ang polusyon sa tubig-dagat sa paligid ng planta. Hindi nagtalaga ang kumpanya ng anumang pag-iwas at aksyong pang iwas sa mga masasamang epekto.
9	Atimonan One Energy Power Plant	Eligible	Iminumungkahi	Isang pampublikong konsultasyon ang isinagawa noong Mayo 2015. Nakita ng mga dumalo na ito ay "lubhang nakapabor sa proponent" at "walang importanteng mga detalye na magpapaliwanag ng mga kalkuladong epekto ng planta". Ayon sa ilang kinatawan ng mga komunidad, hindi nila alam na pinalitan ang Liquefied Natural Gas (LNG) na syang nasa proposal ng AOE, ng karbon. Nangangamba ang komunidad na sila ay mawawalan ng kabuhayan at hindi mabibigyan ng anumang trabaho sa kumpanya. Nag-aalala rin sila sa mga negatibong epekto sa kalusugan. Ang iminumungkahing planta ay ilulugar sa malapit sa Lamun Bay, na nagbabadyang masama sa Bay.
10	Limay Power Plant	Eligible	Phase 1- gumagana na Phase 2 Kasalukuyang itinatayo	Hindi sapat na nasabihan ang mga lokal na komunidad o kaya ay makubuluhang nakonsulta. May ilan lang mga tao ang naimbitahan sa isang public scoping. Nagkaroon lang ng isang public hearing kung kailan naitayo na ang planta. Hindi sinunod ng kompanya ang pangako nito sa mga residente na magbibigay ng mga trabaho (sa halip ay nag import sa mga taga Maynila). Ang mga abo (fly ash) galing sa planta ay kumakalat sa buong komunidad – walang isinagawang aksyon para maiwasan ito. Ang fly ash ay nagdulot ng malubhang sakit sa baga at sa balat. Itinatangi ito ng kompanya, na nagsasabing ang mga sakit sa balat ay galing sa mga aso, at tumatangging panagutan ang mga

				masamang epekto. Nagkaroon ng polusyon sa mga tanim, mga halaman, at mga ilog dahil sa tuloy-tuloy na pagkalat ng fly ash. Hindi na kasing daming mamunga ang mga bungang-kahoy kumpara sa bago itinayo ang planta. Napalayas din ang mga residente. Ang iba ay pinalipat, ngunit sa mga lugar na walang pangkabuhayan. Ang ilan ay nabigyan ng mula 30,000 hanggang 60,000 pesos at kinailangang mangako na hindi na magbabalik sa Limay.
11	SMC Global Power Coal Plant Malita, Davao	Eligible	Iminumungkahi	Hindi sapat na nasabihan ang mga local na komunidad o kaya ay makabuluhang nakonsulta, Sila ay natatakot sa mga masasamang epekto ng planta kagaya ng naranasan ng ibang komunidad na naninirahan malapit sa mga gumaganang planta.